

Pangalagaan ang inyong pera

Iwasang maging biktima ng pandaraya at panloloko

THE MANITOBA SECURITIES COMMISSION



Marahil ay narinig na ninyo ang kasabihang “Kung ang isang bagay ay hitik sa katangian upang maging makatotohanan, maaring totoo nga ito.” Ito ay isang magandang payo. Nguni’t paano mo malalaman kung totoo nga ang mga sinasabi upang ito ay maging makatotohanan? Alalahanin natin, ang tangkang panloloko ay dapat maging kapani-paniwala upang maging matagumpay at makapam-biktima.

Ang **“Canadian Securities Administrators (CSA)”** ay bumuo ng isang gabay upang matulungan kayo na maging pamilyar at makaiwas sa mga panloloko at pandaraya. Ang aming mga kasapi ay kinabibilangan ng 13 “securities regulators” na nagmula sa ibat-ibang probinsiya at mga nasasakupang lugar ng Canada. Kung kayo ay may katanungan o nais ninyo ng karagdagang kaalaman, makipag-ugnayan lamang sa inyong lokal na securities regulator na nakalista sa likod na pabalat.

Nilalaman

Ikaw ba ay nanganganib na maloko?	2
Papaano kayo maaring lapitan ng manloloko	3
Mga uri ng panloloko at pandaraya sa negosyo	5
Listahan ng mga panloloko sa pamumuhunan	8
Pangalagaan ang inyong pera	9
Alamin kung saan maaaring humingi ng tulong	12

Ikaw ba ay nanganganib na mabiktima ng panloloko?

Walang tinatawag na kauri ang maaaring maging biktima ng panloloko. Ang mga propesyonal na manloloko ay nagpupunta kung saan mayroong pera. Ang ibig sabihin, kung mayroon kayong salapi na maaaring ilagak bilang puhunan, ikaw ay maaaring maging biktima ng panloloko.

Ang mga panlolokong matagumpay na naisagawa ay itinayo sa pamamagitan ng pagtitiwala. Inuumpisahan ng mga manloloko ang kanilang operasyon sa pamamagitan ng mga simpleng tanong ukol sa inyong kalusugan, pamilya o kaya ay libangan. Halimbawa, kapag nalaman ng manloloko na ikaw ay may pangamba na baka hindi sasapat ang iyong naitabing pera para sa iyong pagtanda, ang kalagayan mong iyan ay gagawin nilang tulay upang maipasok ang kanilang mungkahi na ipagkatiwala mo sa kanila ang inyong pera.

Hindi kinakailangang maging mayaman upang mabiktima ng panloloko

Ang ikatlong bahagi ng mga nabiktima ng panloloko ay sa halagang kulang sa $1,000. May 27% naman ang naloko sa halagang nasa pagitan ng $1,000 at $5,000[1].

Kahit ano pa man ang halaga, napakahirap o hindi na mababawi kailanman ang inyong pera kapag napasakamay na ito ng manloloko.



[1] Canadian Securities Administrators. October 2007. 2007 CSA Investor Study: Understanding the Social Impact of Investment Fraud. (Pag-aaral sa Epektong Panlipunan ng Panloloko sa Pamumuhunan)

Papaano kayo lalapitan

Naririto ang mga pangkaraniwang paraan kung paano nagagawa ng manloloko na kayo ay papaniwalain upang makuha ang inyong pera.

Sa pamamagitan ng pangkat o grupong inyong kinabibilangan

Ang ugnayang panloloko ay isang uri ng pandaraya na pinupuntirya ang mga grupo na katulad ng pangkat pang-relihiyon, grupo ng matatanda, pangkat ng mga katutubo, o mga samahang pampubliko. Ang manloloko ay maaaring kasapi ng pangkat o may kakilala sa loob ng grupo. Ang mga ganitong uri ng panloloko ay karaniwang nagtatagumpay sapagkat hindi kadalasang pinagdududahan ang manloloko dahil ito ay kakilala nila.

Ang isang karaniwang uri ng ugnayang panloloko ay ang tinatawag na piramide (o Ponzi). Ang mga mamumuhunan ay pinapangakuan ng mataas na tubo mula sa kanilang ilalagak na puhunan. Ang mga naunang mamumuhunan ay mabilis na makakatanggap ng tubo o "interest cheques." Dahilan dito, mas madali silang marahuyo upang muling ilagak ang kanilang natanggap na tubo, o kaya naman ay hikayatin ang kanilang mga kaibigan o kapamilya upang mamuhunan din.

Eto ang pandaraya: Ang tubo sa puhunan ay wala naman talaga. Ang ibinayad na tubo o "interest cheques" ay nagmula sa sariling pera ng taong niloko at sa mga puhunang inilagak ng ibang tao. Ang sitwasyon ay tuluyang babagsak kapag nabawasan ang bilang ng mga taong maglalagak ng bagong puhunan.

Mga pagsasanay sa pamumuhunan

Ang mga pagsasanay o seminar ay isang mabisang paraan upang itaguyod ang isang uri ng pamumuhunan. Ang pamumuhunang itinataguyod ay maaaring hindi isang uri ng panloloko, ngunit ang mga paraan na ginagamit sa pagsasanay ay minsan hindi kanais-nais.

Ang mga tagapagsalita ay karaniwang binabayaran upang sabihin na mataas ang tutubuin ng inyong puhunan. Ngunit hindi nila tutukuyin na ito ay mapanganib o hindi nababagay sa iyo. Ang mga tagapagsalita ay karaniwang mahusay umakit ng mga tao. Gumagamit din sila ng pamimilit upang ikaw ay kaagad maglagak ng puhunan o pipilitin kang kausapin sa mga susunod na pagkakataon.

Papaano kayo lalapitan

E-mail o tawag sa telepono na hindi inaasahan

Maraming panloloko ang nagsisimula sa pamamagitan ng “spam e-mail” na nagpapabatid ng kaunting kaalaman at tumutukoy sa mga mapanganib na pamumuhunan.

Maari ring makatanggap ka ng isang tawag sa telepono na magbibigay-daan upang ikaw ay pumasok sa isang pamumuhunan. Maaaring magtanong ang tumatawag ng mga bagay ukol sa iyong sarili at gamitin ang iyong mga sagot upang maimpluwensiyahan ka. Gumagamit din sila ng pamimilit, tulad ng paulit-ulit na pagtawag o limitadong alok upang mapilitan ka.

Ang negosyo ay tila totoo. Ang tumatawag ay magbibigay pa ng direksiyon sa isang lugar na kilalang maraming negosyo. O kaya naman ay aanyayahan ka na tawagan ang kanilang opisina o bisitahin ang kanilang website. Subalit ang impormasyon sa kanilang website ay kadalasang hindi totoo, at ang direksiyong ibinigay ay isa lamang “post office box.”



Maging mapanuri sa mga kaalamang nanggaling sa mga hindi inaasahang e-mail o tawag sa telepono. Mas maganda kung ituturing mo muna itong panloloko hanggat hindi ka pa nakakapagsagawa ng sarili mong pananaliksik.

Mga uri ng panloloko sa pamumuhunan

May mga bagong uri ng panloloko na lumalabas araw-araw. Gayunman, ang karamihan sa mga ito ay hindi kakaiba sa mga pangkaraniwang uri ng panloloko.

Exempt securities

Ang "exempt securities" ay hindi talaga uri ng panloloko. Ito ay ipinagbibili ng mga kompanyang pinahintulutan ng pamahalaan kahit wala silang inihain na prospektus.

Ang panloloko ay karaniwang nagsisimula kapag ikaw ay nakatanggap ng isang hindi inaasahang paanyaya na mamuhunan sa isang negosyong nalalapit nang ialok sa publiko. Sasabihin ng manloloko na ang negosyo ay laan lamang sa mga mayayamang tao, ngunit maaari ka nilang isama kapag ikaw ay lumagda sa ilang papeles. Ang papeles ay karaniwamg nagsasaad ng maling datos ukol sa perang kinikita mo.

Ang "exempt securities" ay mapanganib, at maaaring maging dahilan upang maubos lahat ang iyong puhunan. Kung magsisinungaling ka sa halaga ng tunay mong kinikita, ikaw ay sumusuong sa isang panganib na maaaring hindi mo makayanan.

Ano ang "prospectus?"

Ang isang kompanya ay karaniwamg hinihingang maglabas ng prospektus upang sila ay makapagbenta sa publiko. Ito ay naglalaman ng mga sumusunod tulad ng:

- salaysay ng pinagmulan ng kompanya at paglalarawan ng kanyang operasyon
- paglalarawan ng mga "securities" na kanilang iniaalok
- listahan ng mga direktor at opisyales
- pahayag ng pananalapi ng kompanya
- buod ng mga maaaring panganib sa pamumuhunan
- pahayag kung paano gugugulin ng kompanya ang mga perang nanggaling sa paggbebenta ng "securities"



Mga uri ng panloloko sa pamumuhunan

Pamumuhunan sa pamamagitan ng palitan ng pera ng ibang bansa (forex)

Ang uri ng panlolokong ito ay naghahanap ng mabibiktima sa pamamagitan ng mga patalastas sa mga pahayagan o sa internet. Ang mga patalastas ay mukhang totoo at legal, at nag-aalok ng pagkakataong mamuhunan sa pamamagitan ng palitan ng pera ng ibang bansa (foreign exchange o forex market). Ikaw ay papaniwalain na ang taong hahawak ng iyong puhunan ay may malawak at sapat na karanasan kasabay ng pangakong malaki ang tutubuin ng iyong pera.

Ang totoong mangyayari ay hindi naman ilalagak sa puhunan ang inyong pera, kundi ito ay nanakawin ng manloloko. Kung ang pera mo naman ay totoong ginamit sa "forex market," maaaring hindi mo alam na ito ay mapanganib. Alinman, maaaring mawala ang malaking halaga o lahat ng pera mo ay maubos.

Pamumuhunan sa ibang bansa (offshore investment)

Ito ay isang uri ng pandaraya kung saan ang manloloko ay mangangako ng malaking tubo mula sa puhunang ilalagak mo sa negosyo ng ibang bansa. Karagdagan pa, sasabihin nila na ikaw ay makakaiwas sa pagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng ganitong uri ng pamumuhunan.

Ang hindi mo nababatid, kapag ang pera mo ay pinuhunan sa ibang bansa at nahawakan ng ibang tao, mahihirapan kang mabawi ito. Ang alok ng mataas na tubo ay kaakibat ng malaking panganib na maubos ang iyong pera. Ang pangakong pag-iwas sa pagbabayad ng buwis ay maaaring maging dahilan upang singilin ka ng pamahalaan sa buwis na hindi nabayaran, kasama ang tubo at kaukulang kaparusahan.

Panloloko sa pensiyon

Kung may taong nagsasabi na maaari nilang gawan ng paraan upang makuha ang iyong pensiyon ng walang binabayarang buwis, malamang na ito ay isang uri ng panloloko. Ang pensiyon ay ipinagkakaloob lamang sa tamang edad. May limitasyon din kung magkanong halaga ang maaari mo lang kunin sa loob ng isang taon, at ito ay may karampatang buwis na babayaran.

Kung may nagsabi naman na maaari mong kunin ng mas maaga ang iyong pensiyon, mas mabuting makipag-ugnayan sa taong may kaalaman sa tama at legal na pagbubuwis.

Ang "pump and dump"

Sa ganitong uri ng panloloko, ikaw ay makakatanggap ng e-mail o tawag sa telepono na nag-aalok ng pamumuhunan sa pamamagitan ng mababang halaga ng "stock". Kapag marami na ang nalokong bumili ng kabahagi sa kompanya, natural na tataas ang halaga nito. Kapag umabot na sa pinakamataas na halaga, ipagbibili na ng manloloko ang mga "stocks" na magiging dahilan sa pagbagsak ng halaga nito. Ikaw ay maiiwan na naghahawak ng mga walang halagang papel.

Maaari kang maging biktimang muli

Kapag ikaw ay dati nang naging puntirya ng panloloko, maaaring maging target kang muli sa pangalawang pagkakataon. Sa katunayan, 25%[2] ng mga naging biktima ng panloloko ay nadayang muli. Ito ay tinatawag na “double-dipping” o dobleng paglulubog. Ito ay nangyayari kapag:

1. Ang taong nanloko sa iyo ay itinago ang iyong mga personal na datos o ipinagbili ito sa iba.
2. Sa paglipas ng ilang panahon, nakipag-ugnayang muli ang taong nanloko sa iyo, o isa na namang bagong manloloko ang tatawag sa iyo.
3. Ikaw ay pagsasabihan na ang iyong puhunan ay malapit nang kumita at dumating na ang tamang panahon upang ipagbili mo ang iyong kabahagi (shares) sa kompanya. Subalit bago ang lahat, ikaw ay kinakailangang magbitaw ng bayad-transaksyon o buwis. Ang halagang ito ay malaking bahagi ng puhunang iyong inilagak.

Kung ganito ang kundisyon, malamang na isang panloloko ang naunang pangyayari. Hindi ka dapat magpadalang muli ng pera. Ipagbigay alam sa mga pulis o sa inyong lokal na “securities regulator” na nakasulat sa likod ng pabalat.

[2] Canadian Securities Administrators. October 2007. 2007 CSA Investor Study: Understanding the Social Impact of Investment Fraud.



Listahan ng mga panloloko sa pamumuhunan

Ang karamihan sa mga nagaganap na panloloko ay may mga palatandaan na madali mong mapapansin. Bago ka pumasok sa pamumuhunan, tanungin mo muna ang sarili mo ng mga sumusunod:

1. Ikaw ba ay pinangakuan ng mataas na tubo sa isang pamumuhunan na may kalakip na mababang panganib? ☐ Y ☐ N

Ang isang mahalagang kalakaran ng pamumuhunan ay nagsasaad na ang mataas na tubo ay may kaakibat na malaking panganib. Sa ibang salita, kapag mas malaki ang iyong inaasahang tubo, mas malaki rin ang panganib na malaki ang mawala o lahat mawala ang iyong puhunan.

2. Sapat ba ang panahong ibinigay upang ikaw ay makapagpasya? ☐ Y ☐ N

Hindi ka dapat makaramdam ng pamimilit sa agarang paglalagak ng iyong puhunan. Kung makakarinig ka ng mga salitang "magpasya agad," "minsan lang na pagkakataon," o "bumili na ngayon bago mahuli ang lahat," malamang ay may itinatagong hindi maganda ang iyong kausap na tao.

3. Ipinabatid ba sa iyo ang mapagtitiwalaan o "panloob" na kaalaman? ☐ Y ☐ N

Ang manloloko ay maaaring magsabi na may nalalaman siyang datos ng kompanya na hindi nababatid ng iba. Wala ka sa posisyon upang alamin kung totoo nga ito. At kung sakaling ito ay may katotohanan, ang paggamit ng mga panloob na datos ng kompanya ay ipinagbabawal sa Canada.

4. Maaari mo bang malaman ang legalidad ng nasabing pamumuhunan mula sa isang mapagkakatiwalaang tao? ☐ Y ☐ N

Kung ang alok ng pamumuhunan ay hindi mo inaasahan, makabubuting humingi ka ng pangalawang kuro-kuro mula sa isang pinansiyal na tagapayo, abogado, o sa isang rehistradong accountant.

5. Rehistrado ba ang taong nakipag-ugnayan sa iyo? ☐ Y ☐ N

Ang sinumang nagbebenta o nag-aalok ng pangangapital ay kinakailangang rehistrado o may karapatang pahintulot na hindi magparehistro. Maaari mong kontakin ang iyong lokal na "securities regulator" na nakalista sa likod na pabalat upang malaman kung ang taong kausap mo ay rehistrado.



Kung sa palagay mo ay isa itong panloloko

Huwag kang mag-atubiling tumanggi. Ibaba mo ang telepono, burahin ang e-mail o umalis ka na lang.

Pangalagaan ang iyong pera

Nabasa mo na ang mga dapat tandaan ukol sa mga panloloko at pandaraya. Ang pinakamabisang paraan upang pangalagaan ang iyong pera ay ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman bilang isang mamumuhunan.

Alamin ang iyong mga layunin sa pamumuhunan

Kung ikaw ay may balaking pinansyal, nararapat lamang na pumili ka ng angkop na paglalagakan ng iyong pera.

Bago ka mamuhunan, gumawa muna ng mga pansariling layunin kung bakit nais mong pumasok sa pangangapital. Isulat ang mga nais mong maisakatuparan at kung kailan mo ito gustong makamit. Isunod mo ang paglilimi kung anong antas ng panganib maaari mong dalahin ang iyong pera.

Ang *"Your investment planning worksheet"* ay makatutulong upang mapagtanto mo ang antas ng iyong pananalapi at kung papaano mo hahanapin ang pera na gagamitin para sa katuparan ng iyong mga layunin.

Kapag may nakahanda ka nang layunin at may pasya ka na kung anong antas ng panganib ang iyong kayang suungin, paglaanan mo ng panahon na matutunan ang mga ibat-ibang uri ng pamumuhunan. Mahalagang magkaroon ka ng kamalayan sa halaga ng tubo na maaari mong asahan para sa katumbas na antas ng panganib. Ito ay makatutulong upang mabatid mo ang uri ng pamumuhunan na akma upang makamit mo ang iyong layunin. Makipag-usap ka sa isang tagapayong pinansyal kung nangangailangan ka ng karagdagang payo.

Alamin mo kung ano ang iyong pupuhunanan

Alamin mo ang mga dapat mabatid para sa balak mong paglagakan ng kapital. Magbasa ka ng mga papeles sa pananalapi katulad ng prospektus at pinansiyal na dokumento.

Maglaan ka rin ng panahon upang basahin ang mga sumusunod:

- ulat ng mga manunuri
- mga pahayagan at website sa pananalapi
- mga pinansiyal na balita mula sa mga grupong mamumuhunan

Maaari kang makakuha ng mga mahahalagang kaalaman mula sa mga nasabing babasahin, subalit tandaan mo na ang lahat ng ito ay bahagi lamang ng malaking larawan ng isang kompanya. Maging mapanuri sa mga binabasa mo at maghanap ka ng iba pang pagkunan ng impormasyon. Maaari ka ring makipag-usap sa isang tagapayong pinansyal para sa pangalawang opinyon.

Pangalagaan ang iyong pera

Hindi ka dapat mamuhunan sa isang bagay na hindi mo lubos na naiintindihan. Maglaan ka ng sapat na panahon upang makapagpasya at huwag kang lalagda sa anumang papeles na hindi mo lubos na binasa.

Kilalanin ang kausap mong tao

Ang sinumang mag-aalok sa iyo na pumasok o magbibigay ng payo ukol sa pamumuhunan ay nararapat na rehistrado o may pahintulot na hindi magpa-rehistro.

Kinakailangan ding tanungin ka ng ukol sa iyong kalagayang pananalapi, layunin sa pagpasok sa pangangapital, kaalaman, karanasan at antas ng kayang panganib. Ang pagkilala ng kliyente ay mahalaga upang mabatid ang angkop na pamumuhunan para sa iyo.

Alamin kung sino ang dapat hingan ng tulong

Ang mga "securities regulators" ang namamahala sa mga merkadong pang-kapital ng buong Canada at tumatayong mga tagapayo sa pagbebenta at pamamahala ng puhunan. Nagsisikap kaming pangalagaan ang mga mamumuhunan laban sa mga manloloko habang nangangasiwa sa isang pantay at magandang pamilihan

Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na "securities regulator" upang malaman kung ang isang tao o ang kanyang kompanya ay rehistrado o kaya ay napatawan na ng pang-disiplinang aksyon.



Ang *"Investments at a glance guide"* ng CSA ay makatutulong upang matutunan mo ang ibat-ibang uri ng pamumuhunan at kung papaano ito ginagawa.

Kung kayo ay may reklamo

Kung sa paniniwala mo ay hindi lubos na ginagawa ng iyong tagapayo ang mga bagay na para sa ikabubuti mo, maaari kang magsampa ng reklamo o kaya ay magpasyang maghanap ng ibang tagapayo.

Naririto ang mga hakbang kung papaano magsampa ng reklamo:

1. Magsimula sa iyong tagapayo o sa kanyang kompanya. Maging malinaw kung ano ang hindi wastong nangyari at kung kalian ito naganap. Banggitin ang nais mong maging resulta ng reklamo (halimbawa ay ang paghingi ng paumanhin, pagwawasto ng iyong tala ng pananalapi, o pagbabalik ng iyong pera). Gamitin ang "When Your Adviser Calls, Take notes!" na papel upang itala ang mga detalye ng mga pulong o tawag ng iyong tagapayo o kanyang kumpanya.

Kung hindi ka nasiyahan

2. Magtanong ng ukol sa proseso ng pagrereklamo sa kompanya. Sundan ang mga mungkahing hakbang. Maaaring maging dahilan ito upang makipagtalastasan sa tagapamahala ng kompanya o ang kanilang tagapagpatupad na sangay. Isulat ang iyong reklamo. Sikaping maitala kung sino ang taong inyong nakausap at kung ano ang pinag-usapan.

Kung hindi ito magkaroon ng resulta

3. Makipag-alam sa iyong lokal na "securities regulator." Sila ay makapagbibigay ng iba pang hakbangin ayon sa uri ng iyong reklamo. Kadalasan ay uunahin mo muna ang proseso ng kompanya.

Maaari ring makipag-ugnayan sa isang abogado upang malaman mo ang iyong mga karapatan at iba pang maaaring gawin.



Alamin kung saan hihingi ng tulong

Ang aming walang bayad at tuwirang gabay ay makatutulong upang mas matutunan mo ang nauukol sa pamumuhunan, kung papaano ito isinasagawa ng wasto, at ang paraan ng pagpili ng tagapayo. Ito ay makukuha sa website ng "Canadian Securities Administrators" sa **www.securities-administrators.ca** o sa pakikipag-ugnayan sa iyong lokal na "securities regulator."

Batayan ng pamumuhunan: Ang panimula
Ang iyong talaan ng pagpaplano ng pamumuhunan
Isang sulyap sa pamumuhunan
Ugnayang gawain sa tagapayong pinansiyal
"When Your Adviser Calls, Take notes!"
papel sulatan
Pag-unawa sa damayang laang gugulin

Kasapi ng "Canadian Securities Administrators"
www.securities-administrators.ca

Alberta Securities Commission
albertasecurities.com
(403) 297-6454
1-877-355-4488

British Columbia Securities Commission
investright.org
(604) 899-6854 or
1-800-373-6393 (toll-free across Canada)

Manitoba Securities Commission
msc.gov.mb.ca
(204) 945-2548
1-800-655-5244 (MB only)

Financial and Consumer Affairs Authority of Saskatchewan
sfsc.gov.sk.ca
(306) 787-5645

Financial and Consumer Services Commission
fcnb.ca
(506) 658-3060
1-866-933-2222 (NB only)

Financial Services Regulation Division Service Newfoundland
servicenl.gov.nl.ca
(709) 729-4189

Northwest Territories Registrar of Securities
justice.gov.nt.ca/SecuritiesRegistry
(867) 920-3318

Nova Scotia Securities Commission
nssc.novascotia.ca
(902) 424-2499
1-855-424-2499

Nunavut Registrar of Securities
(867) 975-6588

Ontario Securities Commission
osc.gov.on.ca
(416) 593-8314
1-877-785-1555

Prince Edward Island Office of the Attorney General
gov.pe.ca/securities
(902) 368-6288

Autorité des marchés financiers (Québec)
lautorite.qc.ca
1-877-525-0337

Yukon Registrar of Securities
community.gov.yk.ca/corp/secureinvest.html
(867) 667-5466
1-800-661-0408





THE MANITOBA
SECURITIES
COMMISSION

"Canadian Securities Administrators"

Ang "Securities regulators" mula sa bawat probinsiya at nasasakupang lugar ay nagtulong upang buuin ang "Canadian Securities Administrators," o CSA. Ang CSA ay ang pangunahing namamahala upang payabungin ang isang maayos na pagtalakay sa mga patakaran ng "securities" sa buong bansa.

www.securities-administrators.ca

THE MANITOBA
SECURITIES
COMMISSION